**Owner: ABEGAIL ACOSTA FLORESCA, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO**

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **AUGUST 25, 2026** at same time and place without further notice.

Pasig City, April 20, 2026.

**(SIGNED)**
**ARNEL D. LEYNES**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**ATTY. ROSALIE C. AROSA**
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned …

**BDO UNIBANK, INC.,**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Ave., Mandaluyong City 1550

**ABEGAIL ACOSTA FLORESCA, as rep. by her Attorney-in-Fact, MINERVA DE LEON FLORESCA**
(1) Purok 6, Bone South Aritao, Nueva Vizcaya 3704
(2) Unit 414, 4th Floor, Building M, One Oasis, Ortigas Avenue, Rosario, Pasig City 1609

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 27, May 04 & 11, 2026**

# NHCP, nagpaalalang ipinagbabawal na tugtugin o awitin bilang libangan ang National Anthem

Nagpaalala ang National Historical Commission of the Philippines (NHCP) na ipinagbabawal na tugtugin o awitin bilang libangan ang National Anthem.

Ginawa ng komisyon ang paalala sa inilabas nitong statement ngayong Martes, Abril 28, matapos makatanggap sila ng mga ulat hinggil sa isang viral short-form video kung saan makikitang inaawit ang Pambansang Awit na "Lupang Hinirang" sa hindi angkop na paraan sa isang outdoor rave party.

Ayon sa komisyon, batay sa paunang imbestigasyon, posibleng naganap ang insidente noong Disyembre 2025 sa Estados Unidos, kaya't wala sa hurisdiksyon ng batas ng Pilipinas at hindi ito maaaring sampahan ng legal na aksyon.

Gayunman, pinaaalalahanan ng NHCP ang mga Pilipino sa ibayong dagat na ang mga pambansang sagisag, kabilang ang Pambansang Awit, ay protektado sa ilalim ng Republic Act 8491 o Flag and Heraldic Code.

Nakasaad dito na dapat awitin ang Lupang Hinirang ayon sa orihinal na balangkas at areglo ni Julian Felipe at hindi ito maaaring gamitin bilang libangan o pang-aliw.

Iginiit ng NHCP na ang pagpapakita ng pagkamakabayan ay dapat isagawa nang may paggalang, pagsunod sa batas, at pag-unawa sa kultura.

Paalala rin ng komisyon na ang kalayaan ng bansa ay bunga ng sakripisyo ng mga bayani, kaya nararapat lamang na gamitin ito nang may pananagutan.

# PNP inihahanda na ang kaso sa mga sangkot sa aksidente

Inihanda na ng Makati City Police Station ang kaso laban ng isang motorista na may bitbit na isang baril habang pinapahinto ang isang pick-up truck nitong gabi ng Biyernes.

Ayon kay Makati City Police chief Col. Pedro Alagano Jr, na kanilang natukoy ang isang rider na nagtangkang tumusok sa gulong ng pickup na sangkot sa aksidente habang ang isa na may hawak na baril ay kinilalang isang protective agent na si Joel Sabando

Paglilinaw naman nito na ang insidente ay isang uri lamang ng aksidente sa kalsada kung saan nabangga ang pickup truck ang isang kotse mula sa lungsod ng Taguig at umabot pa sa lungsod ng Makati.

Sinagot naman ng driver ng pickup ang mga damyos mula sa mga nabangga nitong mga kotse ganun din sa mga napinsala niya sa aksidente.

Sa panig namanng Taguig City PNP sinabi ni PCOL Julius C. Añonuevo, Taguig City na sa mga oras na nangyari ang insidente ay agad na nagpakalat sila ng kapulisan para imbesitagahan sa nasabing insidente.

# AFP, US Marines, nagsagawa ng rescue ops sa gitna ng Balikatan exercises

Ipinakita ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at ng United States Marine Corps ang kanilang kakayahan sa aktwal na emergency response matapos iligtas ang anim na sibilyan na naaksidente sa gitna ng Balikatan Exercises 2026.

Nabatid na bumangga at nahulog sa bangin ang isang truck na may kargang semento, na nagresulta sa pagkakasugat ng mga sibilyan. Agad na rumesponde ang mga sundalo, kung saan apat ang agad na nailigtas at dinala sa ospital. Dalawa naman sa mga biktima na malubhang nasugatan at na-trap sa loob ng sasakyan na nailikas gamit ang isang US HH-60 Black Hawk helicopter patungo sa malaking ospital para sa mas masusing gamutan.

Kasama rin sa operasyon ang mga tauhan ng AFP mula sa 17th Infantry Battalion at ang Philippine National Police para sa imbestigasyon at koordinasyon ng rescue effort. Walang naitalang nasaktan sa hanay ng militar.

Sinabi ng mga awtoridad na ang mabilis na koordinasyon ng Philippine at US forces, kasama ang 17th Infantry Battalion sa ilalim ng Joint Task Force "Tala" at Philippine National Police, ay patunay ng kanilang interoperability at kahandaan hindi lamang sa drills kundi sa aktwal na emergency situations.

Samantala, umabot sa mahigit 17,000 ang kalahok mula sa iba't ibang bansa sa Balikatan 2026, na nagsimula noong Abril 20 at magtatapos sa Mayo 8.

# Baste Duterte at lahat ng nagbabanta sa First Family, iniimbestigahan ng NBI

Lumagda ang National Bureau of Investigation (NBI) sa isang administrative order na nag-uutos ng imbestigasyon hindi lamang kay Davao City Mayor Sebastian "Baste" Duterte kundi sa lahat ng indibidwal na naglalabas ng banta laban sa First Family at pamahalaan Ayon kay NBI Director Melvin Matibag, hindi nakatuon sa isang tao ang kautusan kundi sa sinumang maglalabas ng pahayag na may banta sa gobyerno. Nagkataon lamang umano na kasabay nito ang naging pahayag ni Mayor Duterte, kaya nagkaroon ng maling akala na siya lang ang iniimbestigahan. Giit ng NBI, saklaw din ng imbestigasyon ang social media accounts ng ilang personalidad na umano'y nagpakalat ng pagbabanta laban sa Pangulo at iba pang opisyal. Una nang kinumpirma ng NBI na sinusuri na nila ang pahayag ni Mayor Duterte laban kay Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr., kasunod ng panawagan ng Malacañang na imbestigahan ang mga banta at umano'y plano laban sa Pangulo na naungkat din sa pagdinig sa Kamara. Kung saan ibinunyag ng testigong si Ramil Madriaga, na umano'y dating bagman ni Vice President Sara Duterte, na may mga pag-uusap daw ng ilang dating opisyal at retired generals tungkol sa planong pagpapatalsik at maging pagpatay sa Pangulo.

# Hindi napapabayaan ang flood control issues; Kongreso lang ang may hawak sa impeachment

Binigyang-diin ni Palace Press Officer Claire Castro na hindi napapabayaan ng pamahalaan ang iba pang isyu sa bansa, kabilang ang mga alegasyon ng anomalya sa flood control projects, sa kabila ng usapin ng impeachment laban kay VP Sara Duterte. Pahayag ito ni Castro bilang tugon sa mga obserbasyong tila nakatuon umano ang atensyon ng gobyerno sa impeachment case. Nilinaw ng opisyal na hindi si Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ang nagpopokus sa naturang usapin, kundi ang Kongreso, na aniya'y tumutupad lamang sa mandato nito.Dagdag pa ni Castro, tuloy-tuloy naman ang imbestigasyon sa mga isyu ng flood control projects sa ilalim ng Office of the Ombudsman, na siyang may hurisdiksyon sa mga kasong may kinalaman sa katiwalian sa pamahalaan. Nananatiling hiwalay at sabay na tinututukan ng mga kinauukulang ahensya




ang iba't ibang usapin upang masiguro ang pananagutan at maayos na pamamahala



# Taylor Swift pina-trade-mark ang boses laban sa AI

Naghain sa US intellectual property office ang singer na si Taylor Swift.Pagkatuto ng Machine at Artipisyal na Talino

Ito ay para ipa-trademark ang kaniyang boses dahil sa pagdami ng mga gumagawa ng Artificial Intelligence (AI).

Nagsumite ito ng dalawang sound recordings sa United States Patent and Trademark Office (USPTO).

Bawat recording ay nagsisimula sa "Hey, it's Taylor" at inanunsiyo nito ang paglabas ng kaniyang bagong album na "The Life of a Showgirl" na inilabas noong Oktubre.

Una ng naghain din ng trademark ang actor na si Matthew McConaughey bilang proteksyon laban sa hindi otorisadong paggamit ng AI models.

# Louis Tomlinson, in-unfollow si Zayn Malik kasunod ng umano'y suntukan

Viral ngayon online ang pag-unfollow ni Louis Tomlinson ng One Direction sa dati nitong ka-bandmate na si Zayn Malik sa Instagram, kasunod ng mga ulat ng umano'y alitan.

Umugong ang isyu matapos ilathala ang nangyaring alitan sa dalawang singer habang nasa shoot ng isang documentary project.

Ayon pa sa ulat, nagsimula ang tensyon nang magbitaw umano si Zayn ng komento tungkol sa yumaong ina ni Louis na si Johannah Deakin, na pumanaw noong 2016 dahil sa leukemia.

Sinasabing dito na lumala ang sitwasyon, at nauwi umano sa pisikalan kung saan nasuntok ni Zayn si Louis. Dahil umano sa suot na singsing, nagkaroon ng sugat sa ulo si Louis at nagtamo rin ng concussion.

Sa ngayon 'wala pang opisyal na pahayag mula kina Louis Tomlinson at Zayn Malik hinggil sa kumakalat na isyu, maski ang kanilang agent ay tikom din ang bibig tungkol sa insidente.

Hindi pa rin naglalabas ng komento ang kilalang streaming platform kaugnay ng naturang proyekto.

Samantala, kapansinpansin naman na naka-follow parin si Louis sa iba pang dating One Direction members na sina Harry Styles at Niall Horan, pati na rin ang yumaong si Liam Payne.

Bagama't nanatiling espekulasyon ang insidente, umaasa ang mga tagahanga ng dalawang singer na magkakaroon ng malinaw na paliwanag mula sa mga artist tungkol sa isyu.

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
Las Piñas City

OFFICE OF THE CLERK OF COURT
AND EX-OFFICIO SHERIFF

CTBC BANK (PHILIPPINES)
CORPORATION,
Mortgagee,

FORECLOSURE NO. F-26-023
EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF
REAL ESTATE MORTGAGE UNDER
ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

SPOUSES ANTHONY J. DE GUZMAN &
PRICILLA G. DE GUZMAN,
Mortgagor/s.
x----------------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon verified petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by the Mortgagee/s CTBC BANK (PHILIPPINES) CORPORATION, with office/business/residence address at 16th to 22nd Floors, Fort Legend Tower, 31st Street corner 3rd Avenue, Bonifacio Global City, Taguig, Metro Manila, against the Mortgagor/s/Debtor/s SPS. ANTHONY J. DE GUZMAN & PRICILLA G. DE GUZMAN, with residence/postal/office address at L4-B-2-B-2-B-5-C-1 Florentina St., Ramos Compound, Vergonville Subd., Brgy. Pulang Lupa Dos, Las Piñas City, to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 30, 2026 amounts to Php765,359.05 including/excluding interests, penalties, charges, attorney's fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned OIC/Clerk of Court and Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Las Piñas City or any of the Deputy Sheriffs will sell at public auction on **May 29, 2026** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the ground floor (main entrance) of the Hall of Justice of Las Piñas City to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following described real property/ies, together with all the improvements existing thereon to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. T-97093**

A parcel of land (Lot 4-B-2-B-2-B-5-C-1 of the subd. plan (LRC) Psd-377495 approved as a non-subd. Project, being a portion of Lot 4-B-2-B-2-B-5-C, Psd-00-055184, LRC Rec. No. N-29662), situated in the Bo. of Pulang Lupa Dos, Mun. of Las Piñas, Prov. Of Metro Manila, Is. of Luzon. Bounded on the NE., pts. 3 to 4 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-B, Psd-00-05581 (Existing Alley), on the SE., pts. 4 to 5 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-D, Psd-00-055184, on the SW., pts. 5 to 1 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-C-2 of the subd. plan. X x x x x x containing an area of ONE HUNDRED (100) SQUARE METERS, more or less. X x x x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date. In the event the public auction should not take place on the said date. It shall be held on **June 19, 2026** without further notice.

Las Piñas City, this 10th day of April 2026.

**(SIGNED)**
**LEAMOR BATILES GARCIA**
Officer-In-Charge

**(SIGNED)**
**DON LYNWEN ARON L. RAMOS**
Deputy Sheriff

Warning

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sale on or before the date of sale under penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 20, 27 & May 04, 2026**

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
OFFICE OF THE EX-OFFICIO SHERIFF
CALOOCAN CITY, METRO MANILA
2/f Judicial Complex Bldg. 10th Ave., Caloocan City
Landline no. (02) 86604937 / Mobile no. 09291597174 /
Email Address: rtcccn127@judiciary.gov.ph

BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS
(Successor-in-Interest of BPI FAMILY
SAVINGS BANK INC.,),
Mortgagee,

Extra-judicial Foreclosure
of Real Estate Mortgage
under Act 3135, as amended
**EJF NO. 10776 – 2026**

-versus-

SPS. MYRNA G. NOMABILES a.k.a.
MYRNA GALLETA NOMABILES and
RENATO V. NOMABILES a.k.a.
RENATO VELUZ NOMABILES,
Mortgagor/s.
x---------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by BPI FAMILY SAVINGS BANK INC., mortgagee, with office address at 28th flr. Ayala Triangle Garden Tower 2, Paseo De Roxas cor. Makati Ave., Bel Air Makati City against SPS. MYRNA G. NOMABILES a.k.a. MYRNA GALLETA NOMABILES and RENATO V. NOMABILES a.k.a. RENATO VELUZ NOMABILES, mortgagor/s, with postal address at 8 Bradford St. Fairville Homes, North Fairview Quezon City and at Lot 1082-B-13 along Old Zabarte Rd. PHHC 1, Sub., Brgy. 174, Camarin, Caloocan City to satisfy the mortgage indebtedness which as of March 31, 2026 amounts to TWO MILLION FIVE HUNDRED TEN THOUSAND EIGHT HUNDRED NINETY THREE PESOS & 05/100 (P2,510,893.05), Philippine Currency, excluding/including interests, penalties, attorney's fees, plus sheriff's fees and all other necessary expenses of foreclosure and sale the undersigned Sheriff of Caloocan City, hereby gives notice to all interested parties and to the public in general that on **July 01, 2026** at ten o'clock in the morning (10:00) or soon thereafter, in front of the main entrance of Caloocan City Judicial Complex, located at 10th Ave., Poblacion Caloocan City, will sell at public auction to the highest bidder for CASH and in Philippine Currency, the real estate property together with all the improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 001-2015001069**

A PARCEL OF LAND (LOT 1082-B-13 OF THE SUBDIVISION PLAN (LRC) PSD-54789, BEING A PORTION OF LOT 1082-B (LRC) PSD-54684, LRC (GLRO) REC. NO. 6563), SITUATED IN CALOOCAN CITY, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE N., POINTS 1 TO 2 BY LOT 1082-B-14, OF THE SUBDIVISION PLAN, ON THE N., POINTS 2 TO 3 BY LOT 849 TALA ESTATE ON THE S., POINTS 3 TO 4 BY LOT 1082-B-12, OF THE SUBDIVISION PLAN, ON THE W., POINTS TO 4 TO 1 BY ROAD. X X X CONTAINING AN AREA OF **TWO HUNDRED SEVENTY-FIVE (275) SQUARE METERS,** MORE OR LESS.

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and encumbrances thereon, if any there be.

In the event that the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 08, 2026** at the same time and place without further notice.

Caloocan City, Metro Manila, April 24, 2026.

FOR THE EX-OFFICIO SHERIFF:

**(SIGNED)**
**CHRISTOPHER Q. ULIBARRI**
Sheriff-in-Charge

Copy furnished: ALL PARTIES CONCERNED

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: May 04, 11 & 18, 2026**






"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"

**Taytay RTW Base**

Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay
San Jose, Tarlac, Philippines
Contact No.# 09460277182

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: May 04 - 10, 2026




**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**

Contact : Juliana Diesta # 09052264801
krusty.ebox@gmail.com

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: May 04 - 10, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: May 04 - 10, 2026



## CROSSWORDS

### Across

1. Be starstruck
5. Oft-pickled pod
9. Check for freshness
14. Actor Clive
15. Eclipse body
16. Voice above baritone
17. The Fates, e.g.
18. Game played "with my little eye"
19. Hoarse
20. Cinematic cultural phenomenon in the summer of 2023
23. Since Jan. 1
24. Misery
25. Toward sunrise, on an equinox
29. Abolitionist known for her "Ain't I a Woman" speech
32. Green-lights
33. Winery wood
34. Narrow inlet
35. With 39-Across, diametrically opposed, or what this puzzle's sets of circled letters are
38. Cal. divisions
39. See 35-Across
41. Purple yam
42. Vehicle that can really move?
43. Hurdle for M.A. hopefuls
44. Literary movement that included Lawrence Ferlinghetti and Allen Ginsberg
50. Some Middle Easterners
51. Yalie
52. Numeral associated with "The Force Awakens"
54. Micronutrient such as zinc or iodine
57. __ powder
60. Hot rod's rod
61. Geometric calculation
62. Bamboozles
63. Academic reviewer, often
64. Vermeer's "__ With a Pearl Earring"
65. Runaway hit
66. Small vortex
67. Site for artisans


### DOWN

1. Eked out a living
2. "Fiddlesticks!"
3. Odd duck
4. Radio dial
5. Portending danger
6. Acceptable, casually
7. Line that might get tied up
8. "What do you think?"
9. F1 circuit type
10. More warm, in a way
11. Useful connections
12. Dandy
13. Cook, as pot stickers
21. Endor inhabitants
22. Gloom
26. Spiritual glow
27. Hullabaloo
28. "Fine, be like __!"
30. Average __
31. Who lives in a ghost town?
35. Trivia night spots
36. Heed
37. "O, that way madness lies" king
38. Use Beard Club products, perhaps
39. "Glee" teen played by Kevin McHale
40. Smallest Canadian prov.
42. __ cava
43. Drawing room?
45. Mr. and Mrs.
46. Like some Christmas sweaters
47. Had trouble moving steadily
48. Ready to move on
49. SF NFLers
53. 2026 Olympics host
55. Crossed (out)
56. Final Fantasy spellcaster
57. Jewel case items
58. Sound of a running fridge
59. Hoppy brew, for short



## WORD HUNT

### MR. BEAN



ROWAN ATKINSON
CHRISTMAS
MINI
NEW YEARS
DENTIST
MOVIES
HOSPITAL
COMEDY
LAUNDRYMAT
SHOPPING
MR BEAN
SCHOOL
HOLIDAY
TEDDY
SILENT

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | M | R | B | E | A | N | S | G | T | R | R |
| N | A | L | P | I | R | C | N | S | N | O | S |
| N | T | M | T | L | S | I | I | C | E | W | H |
| S | D | D | O | R | P | T | O | N | W | A | S |
| M | C | L | Y | P | N | M | R | P | Y | N | T |
| I | H | G | O | E | E | S | Y | S | E | A | A |
| N | O | H | D | D | H | M | D | A | A | T | M |
| I | S | S | Y | D | O | O | D | M | R | K | Y |
| L | P | T | A | S | L | V | E | T | S | I | R |
| O | I | S | O | S | I | I | T | S | D | N | D |
| O | T | M | N | E | D | E | I | I | T | S | N |
| H | A | H | O | E | A | S | W | R | M | O | U |
| C | L | E | W | U | Y | N | C | H | N | N | A |
| S | T | N | E | L | I | S | H | C | I | I | L |

# Alex Eala magpapatuloy sa French Open buildup, sasabak sa 2 torneo sa Italy

Matapos umabot sa ikalawang round ng singles at doubles sa Mutua Madrid Open nitong weekend, sinabi ng 20-anyos na Filipina tennis star na determinado siyang bumalik nang mas malakas.Tennis

Bago iyon, magkakaroon muna si Eala ng isang linggong pahinga bago sumabak sa Internazionali BNL d'Italia sa Rome mula Mayo 5 hanggang 17.

Isa itong WTA 1000-level tournament, isa sa pinakamalalaking event bago ang French Open.

Kasama rin si Eala sa listahan ng mga lalahok sa Parma Ladies Open mula Mayo 12 hanggang 17, ngunit nakadepende pa ang kanyang paglahok doon sa magiging resulta ng kampanya niya sa Rome.

Ang mga clay-court tournaments na ito ang magsisilbing huling paghahanda ni Eala para sa French Open na gaganapin mula Mayo 24 hanggang Hunyo 7 sa Paris.

Si Eala, na nagtapos sa Rafael Nadal Academy, ay nakalaro na sa tatlong clay tournaments ngayong season bilang bahagi ng kanyang buildup. Gayunman, hindi pa siya nakalalagpas sa ikalawang round sa bawat torneo.

Sa Madrid Open, natalo siya sa second round kay Elise Mertens ng Belgium, 6-2, 6-1.

Sa doubles naman, natalo sila ng Turkish partner niyang si Zeynep Sonmez laban kina Katerina Siniakova at Taylor Townsend, 6-1, 7-5.

Sa kasalukuyan, nasa No. 44 si Eala sa world rankings at target niyang muling umakyat matapos maabot ang career-best No. 29 noong nakaraang buwan.



**Magpapatuloy ang paghahanda ni Alex Eala para sa French Open sa pamamagitan ng dalawang magkasunod na torneo sa Italy, matapos ang kanyang produktibong kampanya sa Spain.**



# Magic tinalo ang Pistons para umangat sa 2-1 sa serye

Pinangunahan ng star player na si Paolo Banchero ang kanyang koponan na Orlando Magic sa kanilang panalo kontra Detriot Pistons sa iskor na 113-105 at umabante sa 2-1 sa kanilang first-round series sa NBA playoffs.

Nagpakitang gilas si Banchero ng kaniyang angking galing na muntikang mauwi sa isang triple double performance kung saan nagtala ito ng 25 puntos, 12 rebounds at 9 na assist. Habang malaking ambag naman ang 25 din ni Desmond Bane at dagdag puntos nina Franz Wagner na 17 puntos, Jalen Suggs 15 puntos, at ang 14 puntos at 17 rebounds ni Wendell Carter.

Hawak ng Magicang kalamangan sa 96-79 sa huling 8:34 minuto ng fourth quarter nang rumatsada ang Piston at nilamangan ang Orlando matapos ang 26-8 run sa sumunod na anim na munuto

Gayunman, hindi napanatili ng Pistons ang abante matapos bumawi ang Magic ng 9-0 run sa huling bahagi ng laban.

Habang nasayang naman ang 27 puntos ni Cade Cunningham na pinangunahan ang Pistons. Gayundin ang ambag na 23 puntos ni Tobias Harris.

Ang game 4 ay inaasahaang gaganapin sa Lunes sa Orlando.

# PVN SPORTS

NO. VIII ISSUE NO. 40 MAY 04 - 10, 2026 ₱15.00

# Lakers, bigong ma-sweep ang Rockets

Bigo ang Los Angeles Lakers na ma-sweep ang Houston Rockets, daan upang umabot sa Game 5 ang match-up ng dalawa sa nagpapatuloy na 2026 Playoffs.Advertising Packages

Tinambakan ng Rockets ang Lakers sa Game 4, sa pangunguna ng bagitong guard na si Amen Thompson na kumamada ng 23 points at pitong assists.

Pare-parehong gumawa ng double-digit scores ang limang starter ng Houston at sa pagtatapos ng 3rd quarter, tangan na ng koponan ang 25 points na kalamangan, 90-65.

Tanging sampung puntos lamang ang nagawa ng NBA superstar na si Lebron James sa loob ng 33 mins na kaniyang paglalaro. Sa 9 shots na kaniyang pinakawalan, dalawa lamang ang nakapasok.

Pare-parehong nangulelat ang Lakers players, maliban lamang sa sentro ng koponan na si Deandre Ayton na gumawa ng 19 points at sampung rebounds.

Tinapos ng Houston ang laban sa score na 115-96, hawak ang 48 overall shooting percentage.

Hindi pa rin nakakapaglaro sina Rockets center Kevin Durant at Lakers guard Luka Doncic dahil sa minor injury.

Babalik na rin sa Los Angeles ang laban para sa Game 5, isang do-or-die game.



# Spurs, dinomina ang Portland sa Game 3; Wembanyama absent

Pinahiya ng San Antonio Spurs ang Portland Trail Blazers sa kanilang homecourt, 120-108, sa Game 3 ng 2026 Playoffs.

Nakuha ng Spurs ang panalo sa kabila ng hindi paglalaro ng kanilang pangunahing scorer na si Victor Wembanyama.

Umangat ang rookie guard na si Stephon Castle na kumamada ng 33 puntos mula sa sampung field goals at sampung free throws.

Nag-ambag din si Dylan Harper ng 27 puntos at 10 rebounds mula sa bench. Bagaman lamang ang Portland sa unang bahagi ng laban, nagawa ng Spurs na baliktarin ang takbo sa second half sa pangunguna nina Castle at Harper.

Sa huling quarter, tuluyan nang dinomina ng Spurs ang laro sa pamamagitan ng 32-21 run upang makuha ang 12-point win.

Hindi naisalba ni Jrue Holiday ang Blazers kahit nagtala ng 12 field goals, kabilang ang limang three-pointers, sa loob ng 41 minuto.

Samantala, hindi nakaporma si Toumani Camara na may dalawang puntos lamang sa 33 minutong paglalaro.

Sa serye, naipanalo ng Spurs ang Game 1, ngunit naitabla ito ng Portland sa Game 2 bago muling lumamang ang San Antonio.

# Raptors, tinambakan ang Cavaliers at ibinulsa ang Game 3

Tinambakan ng Toronto Raptors ang Cleveland Cavaliers at ibinulsa ang Game 3 sa nagpapatuloy na Playoffs 2026.

Hindi napigilan ng Cavaliers ang 4th quarter surge ng Toronto kung saan umabot sa 43 points ang naipasok ng koponan habang 23 lamang ang naging kasagutan ng Cleveland Cavaliers.Sa huli, tinapos ng Raptors ang laban, tangan ang 22 points na kalamangan.

Parehong kumamada ng 33 points ang forward at guard na sina Scottie Barnes at RJ Barett sa panalo ng Toronto, at ipinoste ang 58% field goal (FG) percentage.Sa Cavaliers, parehong inalat ang dalawang shooter na sina James Harden at Donovan Mitchell kung saan nalimitahan lamang si Harden sa limang FG mula sa 13 na pinakawalan habang kay Mitchell, tanging isang 3-pointer lamang ang kaniyang naipasok mula sa 7 na pinakawalan.

Umabot lamang sa 6 2-point shots ang nagawa ni Mitcell sa kabuuan.Sa kabila ng panalo ng Toronto, hawak pa rin ng Cavs ang bentaheng 2-1.Gaganapin muli sa Toronto ang Game 4 sa pagitan ng dalawang koponan.



# Hawks itinabla ang serye sa Knicks, 107-106

Itinabla ng Atlanta Hawks ang serye laban sa karibal na New York Knikcs, 107-106.

Ibinulsa ng Hawks ang Game 2 sa pamamagitan ng 4th-quarter comeback win kung saan hinabol ng koponan ang 12-point deficit na nalasap nito sa pagtatapos ng 3rd quarter.

Pinangunahan ng point guard na si CJ McCollum ang naturang comeback sa kaniyang 32 points, kasama ang clutch performance. Pinuno rin ng batikang point guard ang stat sheet kasunod ng all-around performance: 6 assists, 3 rebounds, 2 steal, at isang block.

Malaking tulong din ang 19 points at dalawang steal na ginawa ng bagong Hawks reserve na si Jonathan Kuminga, para tuluyang maselyuhan ang panalo laban sa Knicks.

Hawak pa ng Knicks ang 10-point lead, 9 mins bago matapos ang laban ngunit unti-unti itong binura ng Hawks hanggang sa mailapit sa 99-100.

Matapos nito ay sinelyuhan ni McCollum ang comeback sa pamamagitan ng isang layup at tuloy-tuloy nang hinawakan ng Hawks ang lead na umabot pa sa 107-103.



Nagawa pa ni Knicks guard Jalen Brunson na magpasok ng isa pang 3-pointer, siyam (9) na segundo bago tuluyang matapos ang laban ngunit hindi na rin ito umabanse pa dahil sa mahigpit na depensa ng Hawks.

Sa pagkatalo ng Knicks, nasayang lamang ang 29 points ni Brunson, kasama ang 18 points, walong rebounds, at dalawang block ng bigman na si Karl-Anthony Towns.